# UKOL SA PANG-PAPEL NA APLIKASYON NG TULONG-PANTUSTOS SA PAG-AARAL SA HIGH SCHOOL atbp.

Dahil sa rebisyon sa sistema ng suporta sa bayad sa matrikula sa high school atbp., naalis ang limitasyon sa kita, at maraming tao na ang maaaring tumanggap ng suporta sa matrikula.

Para hindi na kailanganing magbayad ng matrikula sa high school, kinakailangan ang aplikasyon.

Sundin lamang ang gabay na ito at mag-aplay sa opisina ng paaralan hanggang sa Buwan Araw.

## ◆ DETALYE NG SISTEMA

◆ Kapag nag-aplay ng Tulong-Pantustos sa pag-aaral sa high school atbp. at naaprubahan ito, hindi na kailangang magbayad ng matrikula.

◆ Mga kwalipikadong estudyante

Kasalukuyang pumapasok sa high school atbp., may tirahan sa loob ng Japan,at mga ※tumutugma sa ① o kaya ay alinman sa ②～⑤

① mga may Japanese nationality

＜Walang Japanese nationality subalit tumutugma sa nasa ibaba (Tingnan ang pahina 3 para sa halimbawa) ＞

② mga Special Permanent Resident

③ mga Permanent Resident, Spouse or child of Japanese, Spouse or child of Permanent Resident

④ mga Long-term Resident (mga kinikilalang may intensyong manirahan ng permanente sa Japan sa hinaharap)

⑤ mga Dependent (mga nagtapos ng elementary o/at junior high school sa Japan at kinikilalang may intensyong magtrabaho at manirahan sa Japan pagka-graduate ng high school atbp.)

※ Ang mga estudyanteng dati ng may pinasukan na paaralan, at ang kabuuang panahon na naka-enrol sa high school atbp. ay lumampas na sa 36 na buwan (48 na buwan kung naka-enrol sa Part-time o Correspondence course) ay hindi kwalipikado sa benepisyong ito.

◆ Upang makatanggap ng benepisyo

Mag-aplay lamang ng Tulong-Pantustos sa pag-aaral sa opisina ng pinapasukang high school atbp..

## ◆ PARAAN NG APLIKASYON

Isabmit lamang sa opisina ng paaralan ang Form 1-1“Application form para sa Kwalipikasyon upang makatanggap ng Tulong-Pantustos sa pag-aaral sa High School atbp." (para sa mga estudyanteng kwalipikado na sa Tulong-Pantustos, Form 1-2 "Application form ng Kumpirmasyon ng kwalipikasyon upang makatanggap ng Tulong-Pantustos sa pag-aaral sa High School atbp.") kalakip ang mga sumusunod na papeles (idikit sa papel na pagdidikitan).

◆ Mga kailangang papeles (Alinmang papeles ng estudyante na nakasaad sa ibaba. Hindi na kailangang maglakip kung Japanese national.)

- ☐ Kopya ng Residence Record (orihinal)
- ☐ Kopya ng sertipikasyon ng mga Special Permanent Resident (duplika)
- ☐ Kopya ng Residence Card (duplika)
- ☐ (Ang mga Dependent ay magsabmit kasama nito) Kopya ng Sertipikasyon ng pagtatapos o diploma sa elementary o/at junior high school sa Japan.

## ◆ DALOY NG PROSESO

Pang-
ABRIL 2026 ～
MARSO 2027

【Pagsasabmit ng mga papeles na kailangan sa screening】

1 Application form para sa kwalipikasyon upang makatanggap ng Tulong-Pantustos sa pag-aaral sa High School atbp.
(Para sa kasalukuyang estudyante na kwalipikado na sa Tulong-Pantustos, application form ng kumpirmasyon ng kwalipikasyon)

2 Papel na pagdidikitan ng kopya ng Residence Card atbp.
(Idikit ang alinmang papeles ng estudyante na nakasaad sa ibaba. Hindi na kailangang magsabmit kung Japanese national.)

- ☐ Kopya ng Residence Record (orihinal)
- ☐ Kopya ng sertipikasyon ng mga Special Permanent Resident (duplika)
- ☐ Kopya ng Residence Card (duplika)

(Ang mga Dependent ay mag-sabmit din kasama ang papeles na nasa ibaba)

- ☐ Kopya ng Sertipikasyon ng pagtatapos o diploma sa elementary o/at junior high school sa Japan.

↓

**Screening ng Tulong-Pantustos**

↓

【Bagong estudyante / Kasalukuyang estudyante】
P1 Kapag tumutugma sa "Kwalipikadong estudyante"

【Kasalukuyang estudyante】
P1 Kapag hindi tumutugma sa "Kwalipikadong estudyante" subalit ang taunang kita ng sambahayan ay wala pang 9.1M yen

→ **Tatanggap ng Tulong-Pantustos sa pag-aaral**
**Hindi ito aktwal na matatanggap; sa halip, gagamitin ito ng paaralan para bayaran ang mga bayarin sa matrikula kaya hindi na kailangang magbayad ng matrikula.**

【Kasalukuyang estudyante】
P1 Kapag hindi tumutugma sa "Kwalipikadong estudyante" subalit ang taunang kita ng sambahayan ay mahigit 9.1M yen

【Bagong estudyante】
P1 Kapag hindi tumutugma sa "Kwalipikadong estudyante"

→ **※Hindi makakatanggap ng Tulong-Pantustos sa pag-aaral**

↓

**Abiso ng Resulta ng Screening [Koreo ✉]**

※ Kapag hindi tumutugma sa "Kwalipikadong estudyante" at hindi makakatanggap ng Tulong-Pantustos, mayroong sistema ng tulong pinansiyal (New High School Tuition Support Program) na maaaring magbigay ng tulong ayon sa kundisyon sa kita.

## ◆ MGA KINAKAILANGAN TUNGKOL SA NASYONALIDAD / VISA

<table>
<tr><th>DIBISYON</th><th colspan="2">HALIMBAWA NG MGA TUMUTUGMA</th><th>PANAHON NG PANANATILI</th><th>MABIBIGYAN NG BENEPISYO</th><th>(SANGGUNIAN)</th></tr>
<tr><td>① mga may Japanese nationality</td><td colspan="2">mga Japanese, mga foreigner na naging Japanese national</td><td>—</td><td>Kwalipikado sa benepisyo</td><td></td></tr>
<tr><td>② mga Special Permanent Resident</td><td colspan="2">mga naninirahan sa bansa bilang espesyal na permanenteng residente</td><td>Walang limitasyon</td><td>Kwalipikado sa benepisyo</td><td></td></tr>
<tr><td rowspan="3">③ mga Permanent Resident atbp.</td><td>Permanent Resident</td><td>mga nabigyan ng Ministro ng Hustisya ng permisong manirahan ng permante</td><td>Walang limitasyon</td><td rowspan="3">Kwalipikado sa benepisyo</td><td rowspan="3"></td></tr>
<tr><td>Spouse or child of Japanese</td><td>mga asawa, anak, o espesyal na inampon ng Japanese</td><td>5 taon, 3 taon, 1 taon o 6 na buwan</td></tr>
<tr><td>Spouse or child of Permanent Resident</td><td>mga asawa ng permanent resident/special permanent resident at mga ipinanganak sa bansa at magpapatuloy ng paninirahan dito</td><td>5 taon, 3 taon, 1 taon o 6 na buwan</td></tr>
<tr><td>④ mga Long-term Resident</td><td colspan="2">mga binigyan ng konsiderasyon ang espesyal na dahilan at pinahintulutan ng Ministro ng Hustisya na manatili sa bansa sa loob ng itinakdang panahon (hal.: mga refugee na nanirahan sa ikatlong bansa, mga ikatlong henerasyon ng Japanese, mga Japanese na naiwan sa Tsina noong digmaan atbp.)</td><td>5 taon, 3 taon, 1 taon o 6 na buwan o panahong itinakda ng Ministro ng Hustisya sa mga indibidwal na tao (sa loob ng 5 taon)</td><td>Sa mga Long-term resident, ang "mga kinikilalang may intensyong manirahan nang permanente sa hinaharap" ay kwalipikado sa benepisyo</td><td rowspan="3">●Para sa mga <u>kasalukuyang estudyante (kabilang ang internasyonal na estudyante)</u> na hindi kwalipikado sa bagong sistema, magpapatuloy ang suporta ng lumang sistema.<br><br>●Para sa mga <u>bagong estudyante (hindi kabilang ang internasyonal na estudyante)</u> na hindi kwalipikado sa bagong sistema, isasagawa ang standard na hakbang sa badyet na katumbas ng nasa lumang sistema.</td></tr>
<tr><td>⑤ mga Dependent</td><td colspan="2">mga batang nakadepende atbp. sa mga naninirahan sa bansa na propesor o artist ang visa</td><td>panahong itinakda ng Ministro ng Hustisya sa mga tao (5 taon pababa)</td><td>Sa mga Dependent, ang "mga nagtapos ng elementary o/at junior high school, at pagka-graduate ng high school atbp. ay kinikilalang may intensyong magtrabaho at manirahan sa Japan" ay kwalipikado sa benepisyo</td></tr>
<tr><td>⑥ mga naninirahan sa bansa ayon sa Status of Residence/visa na nakasaad sa kanan</td><td colspan="2">・Diplomat, Official<br>・Cultural Activities<br>・Student, Trainee<br>・Designated Activities at iba pa</td><td>magmula 15 araw hanggang 5 taon depende sa nilalaman ng dibisyon</td><td>Hindi kwalipikado sa benepisyo</td></tr>
</table>

※Ang lahat ng pagkuha, pagpapalit, o pag-renew ng Status of Residence/visa ay kinakailangan ng pahintulot ng Ministro ng Hustisya.

## ◆ UKOL SA BAGONG PROGRAMA NG SUPORTA SA MATRIKULA, TULONG-PANTUSTOS (HAKBANG SA PAGBABAGO)

Sa nakasaad sa P1 <u>Kapag hindi tumutugma</u> sa "Kwalipikadong estudyante", nagkakaiba ang uri ng sistema ng tulong ayon sa halaga ng kita ng mga tagapangalaga atbp. na kinalkula gamit ang sumusunod na pormula:

【Pormula ng pagkalkula】 Pamantayang halaga ng municipal tax × 6％ － halaga ng adjustment deduction ng municipal tax

※ Para sa itinalagang lungsod, ang "halaga ng adjustment deduction" ay imu-multiply sa 3/4

※ Kapag ang mismong estudyante na tatanggap ng Tulong-Pantustos ay maagang ipinanganak, at ang dependent deduction ay mapapatagal ng 1 taon kaysa sa ibang estudyanteng kapareho ng grado (ang pang-July 2026 ~ June 2027 ay para sa mga estudyanteng ipinanganak nang Jan.2 ~ Apr. 1, 2010), ang halagang basehan sa kalkulasyon ay kinakalkula sa pamamagitan ng pagbabawas ng 330,000 yen mula sa pamantayang halaga ng buwis ng mga tagapangalaga atbp.

| Dibisyon | Sambahayang wala pang 9.1M yen ang taunang kita | Sambahayang mahigit 9.1M yen ang taunang kita |
|---|---|---|
| Mga **kasalukuyang estudyante** (kasama ang mga foreign exchange student) na <u>hindi sakop ng bagong sistema</u> | Tatanggap ng Tulong-Pantustos (Hakbang sa Pagbabago) | Tatanggap ng Bagong Programa ng Suporta sa Matrikula {New High School Tuition Support Program} |
| Mga **bagong estudyante** (maliban sa mga Foreign Exchange Student) na <u>hindi sakop ng bagong sistema</u> | Tatanggap ng Bagong Programa ng Suporta sa Matrikula {New High School Tuition Support Program} | |

※ Ang taunang kita ay tantiya lamang, at kahit lumampas na sa 9.1M yen ang kita ay maaari pa ring maaprubahan (makwalipiko) depende sa halaga ng mga deduction.

### ◆ PARAAN NG APLIKASYON

Ang mga estudyanteng kailangang magsabmit ng Report ng kalagayan ng kita para sa screening ng Tulong-Pantustos, at mga estudyanteng hindi makakatanggap ng Tulong-Pantustos, ay tatanggap ng abiso/notice atbp. sa mga susunod na araw, kaya mangyari lang na isabmit ang mga kinakailangang papeles hanggang sa deadline nito.

## ◆ MADALAS NA KATANUNGAN



**Q Kailangan pa rin bang mag-aplay kahit naalis na ang limitasyon sa kita?**

A Bagama't inalis na ang limitasyon sa kita, kakailanganin pa rin ang aplikasyon dahil kailangang tiyakin ang nasyonalidad o/at Katayuan ng Paninirahan(/visa) atbp.



## ◆ KINAKAILANGANG ITAWAG SA OPISINA NG PAARALAN ANG SUMUSUNOD NA KASO:

◇ **Kapag may pagbabago sa tirahan**

◇ **Kapag nagpalit ng nasyonalidad o visa, o may pagbabago sa panahon ng pananatili atbp.**
Kakailanganin ang hiwalay na proseso.

## ◆ SANGGUNIAN

①Sistema ng Online application ng Tulong-Pantustos sa pag-aaral

e-Shien

Mag-aplay dito

②HP ng Ministry of Education, Culture, Sports, Science and Technology

Leaflet
Balangkas ng Sistema atbp.

③HP ng Kanagawa Prefectural Board of Education

Mga updates at iba pang notipikasyon

Mapagtatanungan: Kanagawa Prefectural School Office

Telepono – –